Tuntunin sa Ulirang Guro sa Filipino 2018

1. Bukás ang timpalak sa lahat ng gurong nagtuturo gamit ang wikang Filipino bilang midyum ng pagtuturo, maliban sa mga kawani ng KWF at mga direktor ng Sentro ng Wika at Kultura (SWK), at kanilang mga kaanak hanggang ikalawang digri (degree).

2. Bukod sa indibidwal na aplikasyon, maaaring magpadala ng nominasyon ang mga Tagapamanihala ng Paaralan, Prinsipal, at Pangulo ng kolehiyo/unibersidad.

3. Ang mga aplikante ay kinakailangang magtaglay ng sumusunod na katangian:

    a. May hawak na kaukulang lisensiya (LET para sa nasa antas sekundarya at elementarya, masterado o yunit sa MA para sa kolehiyo), full-time at may permanenteng istatus.

    b. Nakapaglingkod nang tatlo (3) o higit pang taon bílang gurong nagtuturo gamit ang Filipino at kasalukuyang nagtuturo sa anumang antas ng edukasyon at may antas ng kahusayan (performance rating) na hindi bababa sa Very Satisfactory sa buong panahon ng paglilingkod.

    c. May makabuluhang ambag sa mga saliksik pangwika at pangkultura ng rehiyon. (Bibigyan ng malaking puntos ang mga nagawang saliksik).

    d. Nakapag-ambag sa pagpapalaganap at promosyon ng Wikang Filipino at/o mga wika at kultura sa larangan ng pagtuturo sa kanilang komunidad sa pamamagitan ng publikasyon, seminar, pagsasanay, palihan, at iba pang katulad na gawain.

    e. Nanguna sa pagpapahalaga sa pamánang pangwika at pangkultura ng Filipinas kaagapay ng pagtataguyod at pagpapaunlad sa wikang Filipino.

    f. Nakatanggap ng parangal at/o iba pang gawad kaugnay sa kaniyang propesyon (opsiyonal).

4. Para sa Paunang Pagpili (Preliminary Judging):

    4.1 Maaaring magpása ang paaralan/dibisyon ng higit sa isang nominasyon. Ang bawat nominado at aplikante ay kailangang magsumite ng sumusunod.

        a. Pormularyo ng aplikasyon (maaaring madownload sa websayt ng KWF); at

        b. Komprehensibong Curriculum Vitae.

    4.2 Ang huling araw ng pagsusumite ng mga nominasyon/aplikasyon ay sa 6 Hulyo 2018.

Ipadala sa email adres

kwfssg@gmail.com

o sa opisina ng KWF sa adres na

Lupon sa Ulirang Guro 2018
Komisyon sa Wikang Filipino
Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
1005 San Miguel, Maynila

o sa pinakamalapit na Sentro ng Wika at Kultura (SWK) sa inyong lugar.

5. Ang mapipili sa Pre-judging na susulatan ng KWF ay kailangan magsumite sa o bago ang 3 Agosto 2018 ng sumusunod:

   5.1 Rekomendasyon mula sa immediate superior ng kaniyang paaralan na naglalahad ng sumusunod:

   a. Katunayan ng kagalingan bílang guro sa Filipino o guro na gumagamit ng Filipino sa kaniyang pagtuturo na may makabansa at makataong kamalayan.

   b. Katunayan ng No Pending Case.

   5.2 Kopya ng Performance Rating na hindi bababà sa Very Satisfactory (VS).

   5.3 Folio ng natanggap na gawad/pagkilala, kopya ng mga pananaliksik, publikasyon (aklat, journal, pahayagang pangkampus, atbp.) mga naisagawang seminar o palihan, mga nadaluhang seminar o palihan, at iba pang proyektong may kaugnayan sa wika at kultura.

   5.4 Kung nagtuturo ng ibang disiplina, ilakip ang mga patunay na nakapagtuturo gamit ang Filipino. Hal. modyul, banghay-aralin, silabus, pagsusulit, at iba pang kagamitang pampagtuturo nasusulat sa wikang Filipino.

   5.5 Kung sa KWF isusumite ang lahok, kailangang magsumite ng hard file copy ng mga dokumento at soft copy na nasa CD. Ipadala sa adres na nakalagay sa itaas.

   5.6. Kung sa tanggapan ng Sentro ng Wika at Kultura (SWK) ipadadala ang lahok, kailangang magsumite ng dalawang (2) hard copy file at soft copy file na nasa isang CD. Maiiwan ang isang kopya ng hard copy file sa tanggapan ng SWK.

6. Isasama sa mga nominado ang mga nominasyon noong nakaraang taon (2017) na nag-*update* ng kanilang mga dokumento. Ngunit kung walang idadagdag sa mga dokumentong naipasa noong nakaraang taon, hindi na ito isasama.

7. Hinihikayat na muling magsumite ng mga lahok ang mga sumali noong taong 2014, 2015, at 2016 sa gawad na ito maliban sa mga nanalo na.

8. Makatatanggap ng medalya at katibayan ng pagkilala ang mga mapipiling Ulirang Guro sa Filipino.

9. Ang pasiya ng inampalan ay pinal at hindi na mababago. Lahat ng isinumiteng lahok, nanalo man o natalo, ay hindi na ibabalik ng KWF.

10. Para sa karagdagang tanong at detalye, mangyaring makipag-ugnayan sa:

    Komisyon sa Wikang Filipino
    Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
    San Miguel, Maynila
    Telepono: (02) 243-9855 hanapin si Remedios Vasquez
    Email: kwfssg@gmail.com